# ‘NAKABABASA NA AKO.’ ISANG PAGTALAKAY SA EPEKTO NG MODERNISASYON SA WIKANG FILIPINO

*by:*
**MARY GRACE D. BAGTAS**
*Teacher III, Pablo Roman National High School*

Wika ang kumakatawan sa pagkakakinlanlan ng bawat bansa at lahi. Ang pagkakaroon nito ang nagbibigay daan sa pagkakaintindihan at pagkakaisa ng bawat mamamayan. Bukod pa rito, wika rin ang ginagamit sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang aspeto tulad ng ekonomiya at pag-aaral. Ang kawalan ng isang wika ay maaaring humantong sa isang hindi pagkakaintindihan o pagkakagulo ng mga taong naninirahan sa isang lugar.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na wikang Filipino ang pambansang wika sa ating bansa. Sinasalita ito sa malaking bahagi ng Pilipinas at iba't ibang lalawigan. Gayunpaman, tulad ng ibang mga wika, ang Filipino ay patuloy rin na umuunlad at nagbabago. Isa sa mga halimbawa ng pagbabagong ito ay ang pag-gamit natin ng mga akronim o mga letra na nagprepresenta sa isang salita. Ito ay isang paraan na ginagamit natin upang mapaikli ang pagbigkas o paggamit ng salita. Bahagi rin ng pagbabagong ito ang paggamit natin ng mga salitang balbal. Ito ang pinakamababang antas ng wika na karaniwang ginagamit ng mga kabataan sa lansangan o kalye.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bunga ng patuloy na pag-angat ng sibilisasyon at pagbibigay bahagi sa pag-unlad ng mga wika, maraming mga bagong salita ang unti-unti na ring tinanggap sa diksyunaryong Filipino. Halimbawa na lamang nito ay ang mga salitang charot, rebound, foodie, at selfie. Dahil dito, umusbong din ang ilan pang mga makabagong salita na ginagamit ng mga kabataan.

Gayunpaman, kasabay ng patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino, ay ang suliranin hinggil sa ispeling at pagbabasa. Malaking bilang ng mga kabataan sa kasalukuyan ay hindi marunong magsulat at magbasa ng tama. Bunga ng paggamit ng teknolohiya, marami sa mga mag-aaral ang gumagamit ng salita sa mas maikli na paraan. Halimbawa, sa paggamit ng twitter, nililimitahan nito ang isang manggamit na magsulat o maghayag ng kaniyang saloobin sa loob lamang ng hindi bababa sa tatlongpung salita.

Ayon sa mga pag-aaral, anim sa bawat sampung mag-aaral sa elementarya hanggang hayskul ang hindi marunong magsulat ng tamang ispeling. Malaking porsyento ng mga bilang nito ay mga kabataang nasanay o hindi naman kaya ay paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang bilang na ito ay higit na nakababahala. Isa ito sa mga indikasyon ng malaking suliranin sa larangan ng wika.

Kasabay ng pagpapaunlad ng bansa, mahalagang makasabay din ang pag-unlad ng edukasyon at karunungan ng mga mag-aaral na Pilipino. Sa pamamagitan ng tamang ispeling, nakabubuo tayo ng tamang dayalekto at nagkakaroon ng mas maayos na pakikipagtalastasan at pagsusulat. Ayon sa pag-aaral ni Leanardo (2014), 70 porsyento ng mga kabataang nasa ilalim ng programang BS Education major in Filipino ang naniniwala na teknolohiya ang pinakunang factor sa pagbabago ng wika. Ito ay dahil sa lawak ng naabot ng teknolohiya at sa iba't ibang paraan ng paggamit nito.

Likas na mahalaga at makatao ang paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mithiin sa pamamagitan ng wika. Ayon kay Carroll (1964), ang wika ay isang sistema ng mga sagisag na binubuo at tinatanggap ng lipunan. Dagdag pa rito, ito rin ay resulta ng unti-unting paglilinang sa loob ng maraming taon at nagbabago sa bawat henerasyon.

Higit sa ano pa man at sa patuloy na pag-unlad ng lipunan na ating ginagawalan – mahalagang hindi natin naisasaalang-alang ang kahalagahan at tamang paggamit ng wikang Filipino. Ang pagwawasto o pagtatama ay dapat nag-uumpisa sa loob ng paraalan.

Hindi masama ang patuloy na pag-unlad kasabay ng teknolohiya subalit mahalaga ring nakikipagsabayan at nabibigyan natin ng pansin ang pagpapataas ng antas ng paggamit ng wikang Filipino.

*References:*

Leonardo (2014). Wikang Filipino, sa Makabagong Panahon. Retrieved from https://www.slideshare.net/armialeonardo/thesis-wikang-filipino-sa-makabagong-panahon

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan